# Supremacist Ideology Theory na Masasalamin sa mga Piling Kontemporaryong Tula

ALMAYRAH A. TIBURON*

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga karapatang kababaihan na nalabag sa mga tulang sinuri. Gumamit ng paraang deskriptibo o palarawang pamamaraan. Batay sa pagsusuri ay lumabas na may nalabag na karapatan sa mga tauhang babae sa tulang sinuri ng mananaliksik: Una, ang babae ay may karapatang mabuhay na malusog at masagana. Dahil dito'y dapat tiyaking ang presyo ng mga bilihin ay abot kaya ng lahat, may malawakang programa sa pabahay at serbisyong panlipunan. Pangalawa, dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, at kinakailangang katarungan ang mamayani sa lipunan upang ang anumang krimen o pagmamalabis ay maparurusahan. Ang nangibabaw na sanhi ng napagalamang opresyon na inilalahad sa mga tulang sinuri ay radikal.

***Mga susing salita*: kababaihan, kalalakihan, *supremacist ideology theory*, radikal, tula**

## I. PANIMULA

Kultura na ngang masasabi sa lipunan ang pagtingin ng kahinaan sa mga babae na kung patuloy itong mamamayani ay magdudulot ng opresyon sa kanila at kalagayan nila sa buhay. Isang kahungkagan o walang kahulugan ang isang babae kung patuloy na ikinukulong siya at hindi binibigyan ng kalayaang madiskubre ang sariling kakayahan na maaaring makatulong sa lipunan. Napakaganda sana ang isang ideyang iisipin ng kalalakihan na ang kababaihan ay may silbi at makatutulong sa mabuting pagbabago sa anumang larangan. Tu2nghayan ang *Republic Act No. 9710* o *Magna Carta of Women* at *Republic Act 10633* o *General Appropriation Act of 2014*:

> Ang batas na ito ay pagbibigay-lakas sa kababaihan (women empowerment), pagbuwag sa diskriminasyon sa kababaihan (discrimination against women), pagkapantay-pantay sa kasarian (gender equality), at pagkakaroon ng katarungang pangkasarian (gender equality).

Sa buong mundo'y marami pa ring babae ang bilanggo ng kaisipang mahina sila. Bakit may katagang *women's rights*? Maaari na ngang hindi na kailangang isulong pa ang *men's rights* dahil lahat ng karapatan ay nasa lalaki na.

Sinubukang mangalap ng mananaliksik ng mga kontemporaryong tulang naglalahad ng opresyon sa uri ng supremacist ideology theory. Para sa isang babaeng uhaw sa kalayaan ay gusto niyang matuto ng maraming bagay, makapaglakbay at makapanggalugad na tutulong sa pagdiskubre niya sa sarili na lalong huhubog sa kanyang personalidad. Ngunit, hindi niya magawa dahil hindi pantay ang pagtingin ng lipunan sa babae at lalaki. Tunghayan ang sinabi sa Batas Republika blg. 9710, Sek. 2 na:

> Pagpapahayag ng Patakaran. – kinikilala na ang kalagayang pangkabuhayan, politikal, at sosyokultural ay nakaapekto sa kasalukuyang kondisyon ng kababaihan. Kinikilala rin ng Estado ang tungkulin ng kababaihan sa pagpapatatag ng bansa at tinitiyak na mabibigyang-halaga ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan at kalalakihan. Itataguyod ang pagbibigay-lakas sa kababaihan, at pantay na oportunidad sa kababaihan at kalalakihan at titiyaking pantay silang makikinabang sa yaman at kaunlaran. Higit pa, upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay ang kababaihan at kalalakihan kailangang buwagin ng Estado ang hindi pantay na estruktura at gawi na nagpapanatili ng diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay. Upang maisakatuparan ito, dapat bumuo ang Estado ng mga plano, patakaran, programa, hakbang, at mekanismo na tutugon sa diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kabuhayan, political, panlipunan, at kultural na pamumuhay ng kababaihan at kalalakihan.

Ang isiniksik palagi sa isipan ng kababaihan ay ang pagiging sunud-sunuran sa mga lalaki dahil tinitingnan sila bilang pangalawa sa lalaki kung ang hanay sa lipunan

*Mindanao State University—Main Campus, Marawi City 9700, Philippines
**E-mail Address**: mayanne82@yahoo.com

ang pinag-uusapan. Nangunguna ang lalaki sa mga desisyon at namumuno sa pamilya kung anong hakbang ang dapat gawin. Ang babae'y sa tahanan lamang dahil sila ay mahina't hindi nararapat isabak sa lipunan. At ang pinakamasakit ay ang pagsasamantala sa kanilang kahinaan, ang pagyurak sa kanilang pagkatao, at ang gawin silang basahan.

Ang iba't ibang uri ng feminismo ay *amazon feminism, gynocritics*, at *supremacist ideology theory*. Sa pag-aaral na ito ay binibigyang-diin ang *supremacist ideology theory* upang ipakita na sa kabila ng pagpapakitang-gilas ng babae sa kanilang lakas, sa lupit ng lipunan ay mayroon pa ring mga babae ang dumadaan sa opresyon o nakakaranas nito.

## II. METODOLOHIYA

Inilahad sa bahaging ito ang pamamaraang ginamit sa pangangalap, pagsusuri at pagbibigay-halaga sa datos na kinalap hinggil sa opresyon ng kababaihan na ang uri ay *supremacist ideology theory* sa mga piling kontemporaryong tula.

**Pamaraang Ginamit**

Sa pananaliksik na ito ay ginamit ang paraang deskriptibo o palarawang pamamaraan. Sinuri rito kung papaanong naranasan ang supremacist ideology theory na uri ng opresyong sa kababaihan na ginamitan ng pagsusuring pangnilalaman o *"content analysis."* Batay sa mga napagalaman gamit ang naturang pamamaraan ng pagsusuri, masusing nailarawan ng may-akda ang detalye ng kaapihan sa kababaihan.

**Krayteria ng mga Tulang Sinuri**

1. Ang tula ay nakasulat sa Filipino at orihinal na isinulat ng mga Pilipinong awtor;
2. Ang tula ay may paglabag sa mga karapatang kababaihan; at
3. Ang opresyong nararanasan ng mga babae sa tula ay nasa uri ng *supremacist ideology theory*.

**Proseso sa Pagbuo ng Datos**

Matapos basahin at unawain ang mga tulang napili, narito ang mga naging hakbang sa pag-aaral:

1. Tinukoy ang mga paglabag sa karapatan ng kababaihang nakita sa tula;
2. Ginamit ang mga karapatan ng kababaihan na inihayag ng feministang si Ariola at inilathala ng samahang Gabriela (1989); at
3. Inalam kung papaano inilahad ang supremacist ideology theory gayundin kung anong implikasyon nito sa lipunan.

## III. RESULTA AT PAGPAPALIWANAG

Sa tulang *Basahan* ni Lilia Quindoza-Santiago, kalunus-lunos ang kalagayan ng babae rito sapagkat inilarawan siya bilang isang basahan na inaapak-apakan kasama ng kanyang dignidad. Hinubaran siya ng mga karapatan, kaligayahan, at kalayaan.

Ang babae sa tula'y walang kalaban-laban, walang karapatang magreklamo, masaktan at magdamdam dahil sino nga naman sila sa lipunan – isang bagay lamang na maaaring makita kahit saan, hindi dapat alagaan, irespeto at pahalagahan. Ito ang mga paniniwala ng kalalakihan kaya naman lapat na lapat dito ang *Supremacist Ideology Theory* na ayon kay Bell (1983), ideolohiya ng kalalakihan na hikayatin ang mga babae na paniwalain na sila'y mga bagay, walang halaga at makukuha lamang ito sa pamamagitan ng pakikisuyo o pakikisama sa mga lalaki. Tunghayan ang kabuuang taludtod ng tula:

**"BASAHAN"**

Maraming beses mo akong inaapakan.
Katunayan, luray-luray na ako sa iyong paanan.
Kapag dumarating ka sa hatinggabi
O sa madaling araw na madalas ngayon
Makailang ulit mong ipapagpag
Ang pawisang katawan sa aking mukha.
Hindi ko naman maitanong
Kung saang lupalop ka nagmula.
Sino ba naman ako?
Hindi ako kasimbango ng kaulayaw mo,
Di rin kasinlinamnam ng pulutan.
Di ko matitighaw ang tuyot mong lalamunan
Wala akong espiritu, tulad ng alak
Upang paluksuin ang iyong puso.
Kaya sanay na sanay na ako sa iyon at iyon ding tagpo.
Kapag dumarating kang humahapay sa may pinto
Pikit-mata kong hinahagkan
Ang marurusing mong talampakan.
Habang ulit-ulit na sinisisi ang sarili
Kung bakit nagtitiyaga pa rin akong maghintay gabi-gabi,
Gayong isa lamang akong hamak
Na basahan.

Sa teorya ni Bell (1953), malinaw na tinukoy ang tungkol sa ideolohiya ng kalalakihan. Ito ay ang palaganapin at paniwalain ang kababaihan na sila'y mga bagay, walang halaga at ang tanging obligasyong ginagampanan sa lipunan ay ang pakisamahan ang kalalakihan at pagsilbihan ang kanilang pamilya.

Ang buhay babae'y sinusukat sa medida ng tahanan at pamilya; ang kaligayahan niya, ang tagumpay, ang kadakilaan. Sinasagisag ng bahay ang pamilya, ang heograpiya ng kababaihan, ang larangan ng pagpapasiya ng babae, ang larangan ng kaganapan ng pagkatao bilang babae, na ginagamit na sukatan ng pagkadakila o tagumpay ng isang babae. Sa kabilang banda, dito rin sa tahanan nagaganap ang ilang pagkabigo, ang pagkagapi at pagkaabuso. Hindi lahat ng tahanan ay paraiso o santuwaryo ng kababaihan kundi para sa ibang kababaihan ay impyerno at bilangguan. Batay sa tulang sinuri, masasabi kung gayon na ang kultura ng kababaihan ay inuugit sa tahanan. Depende sa kanilang asawa, ang tahanan nila ay maaaring maging pugad, paraiso o langit o dili kaya'y impyerno. Papaano kaya sasabihing sila'y isang bagay lamang, isang basahan kung sila naman ang nagsilang sa lalaki? Tunghayan ang sanaysay na *Sapagkat Siya'y Babae* ni Rubin (2003):

> Sa babae nagmumula ang buhay. Siya ang nagsisilang sa anak ng tao. Mula sa lamyos ng kanyang oyayi, lumulutang sa sangkalawakan ang binhi ng pagmamahal at ang tuldok ng kagitingan.
> Paano sya magpupunla ng katapangan kung siya mismo'y umid at hindi makapagsalita ng katotohanan? Paano siya sesentro mula sa kanyang puwesto sa batalan ng kasaysayan? Kailan siya papagitna sa tanghalan mula sa kanyang pagkukubli sa likod ng mga ritwal, sa mga sulok ng manuskrito at sa nawawaglit na pahina ng panitikan.

Walang kabayaran ang pagluluwal ng isang babae kung kaya't wala ring kapatawaran ang ipinaranas ng lalaki sa babae sa tulang sinuri. Nararapat lamang na pagtibayin pa ang pagsusulong sa mga karapatan ng kababaihan at kung sakaling malabag ang mga ito'y parusahan ang dapat maparusahan. Sa karapatang dapat matamo ng babae sa tula na: *dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, katarungan ang mamamayani at ang anumang krimen o pagmamalabis ay parurusahan* ay hindi man lamang makita ng lipunan ang tunay na kalagayan ng maraming babae sa lipunan, ang opresyong tinatamasa at ang basahan kung ituring.

Ipinahahayag ng *Republic Act No. 9710* o *Magna Carta of Women* at *Republic Act 10633* o *General Appropriation Act of 2014*:

> Ang batas na ito ay pagbibigay-lakas sa kababaihan *(women empowerment)*, pagbuwag sa diskriminasyon sa kababaihan *(discrimination against women)*, pagkapantay-pantay sa kasarian *(gender equality)*, at pagkakaroon ng katarungang pangkasarian *(gender equality)*.

Nararapat paigtingin ang batas na ito upang mamulat ang lipunan na itigil ang diskriminasyon sa kababaihan; upang magkaroon sila ng malaya at makatarungang pamumuhay; at kilalanin sila bilang isang tao na kabilang sa bumubuo sa lipunan, bahagi ng komunidad na may dignidad at mga karapatan; at kilalanin ang kanilang likas na katangian, imahe at katayuan.

Radikal ang sanhi ng opresyon ng persona. Ayon kay Storey (1993), ang radikal ay may paniniwala rito na ang opresyong nararanasan ng kababaihan ay bunga ng sistemang patriyarkal, isang sistema ng dominasyon kung saan ang kalalakihan ay may higit na kapangyarihan kaysa sa kababaihan.

Kapansin-pansin ang pagiging makapangyarihan ng lalaki sa tula. Ang babae'y kaawa-awa ngunit walang magawa dahil sa ngalan ng pag-ibig na siyang naging kadena ng babae sa bisig ng lalaki. Naririto ang pananamantala sa kahinaan ng babae, ang walang pakundangang pang-aapi sa puso't isipan ng persona, at ang gabi-gabi't walang katapusang paghihintay kung anong oras ito gustong umuwi habang ang babae'y hindi makapagsalita dahil takot na baka masapak ng lasing na asawa.

Sa tulang *Paninda* ni Joi Barrios, dapat bang suportahan ang ideyang ang babae'y isang paninda lamang? Walang hustisya ang ipinaranas ng kalalakihan sa kababaihan ang masasalamin sa tula. Ang ganitong kalagaya'y hindi lamang makikita sa tahanan, kundi pati na rin sa trabaho, eskuwelahan at maging sa mga institusyong nagsusulong ng ganitong kamalayan. Tunghayan ang siping mga taludtod sa tula:

> Lagi'y may timbangang
> sumusukat sa aking halaga,
> dalawang tumpok ng nakabuyangyang na suso,
> isang guhit ng nakabukang hita,
> presyuhan ninyo ang hipo na mas mababa
> sa lamas at lamutak.

Lapat na lapat dito ang supremacist ideology theory dahil malinaw na tinukoy ang tungkol sa ideolohiya ng kalalakihan na palaganapin at paniwalain ang kababaihan na sila'y mga bagay, walang halaga at ang tanging obligasyong ginagampanan ay pakisamahan ang kalalakihan at pagsilbihan ang kanilang pamilya.

Hindi nararapat manatili na hindi makamit ang karapatan ng babae na dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, katarungan ang mamamayani at ang anumang krimen o pagmamalabis ay parurusahan. Kinakailangan ng kababaihan ang pagtayo sa sarili upang maging sandata sa pakikibaka dahil ginawang sentro ng tanghalan ng mga lalaki upang magbigay ng panandaliang aliw sa kanila samantalang siya'y hinuhubaran ng puri't dangal, ginugulpi ang dignidad, at ginagahasa ang puso't isipan. Ayon kay Reyes (1992):

> Isang kaugnay na dahilan sa paglitaw ng feminismo sa panunuring pampanitikan ang malalim na paniniwala na sa kamay ng kalalakihan, hindi makatarungan ang mga representasyong ibinigay sa kababaihan. Ang kababaihan ay karaniwang inilalarawan sa simplistiko at natatakdaang paraan – masamang babae/birhen, mayumi/marahas, masamang impluensya sa kalalakihan, emosyunal, irasyunal, histerikal, walang utak, pantahanan lamang, at walang buhay sa labas ng kanyang pamilya.

Hindi maganda ang imahe ng babae ang ipinahahayag kung saan sa tulang *Paninda* ay ipinapakita ang sitwasyong may diskriminasyon, opresyon at subordinasyong dinaranas ng kababaihan. Itinatampok dito ang danas ng kababaihan at paninindigan para sa karapatang marinig ang tinig at mapalaya sa mga kondisyong umaalipin sa kanila. May mga pelikula ring nagpapakita kung paanong sinasampal-sampal ng mga lalaki ang mga babae; mga magasin na nagtuturo kung ano ang dapat gawin ng mga babae para maging perpekto. Narito ang siping mga taludtod sa ibaba:

Lagi'y may mamimiling
Hanggang makipagtawaran, makipagbaratan
o maghamon ng pakyawan.
Habang ang babae'y nakikipagtagisan
sa kapwa babae
sa ganda at halina,
hanggang ang lipunan ay eskaparate
ng babaeng paninda.

Umaalpas na ipinatatanaw rito ang malungkot na karanasan ng kababaihan bilang isang paninda. Kailangang baguhin ang kultura ng pagtitiis, pagsugat sa sarili, pagkahulma sa mga tradisyonal na halagahan, at ugaling nagkukulong sa kanila sa lipunan at nagtakda ng makipot na pagkilala sa sarili. Hindi nararapat ang patuloy na umiiral na tradisyonal na panukat ng buhay-babae; kaapihan, kalungkutan, at kasawian ang kumulay sa kanilang kolektibong buhay-babae. Sinasabi sa Batas Republika blg. 9710, Sek. 2 na:

> Pagpapahayag ng Patakaran. – kinikilala na ang kalagayang pangkabuhayan, politikal, at sosyokultural ay nakaapekto sa kasalukuyang kondisyon ng kababaihan. Kinikilala rin ng Estado ang tungkulin ng kababaihan sa pagpapatatag ng bansa at tinitiyak na mabibigyang-halaga ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan at kalalakihan. Itataguyod ang pagbibigay-lakas sa kababaihan, at pantay na oportunidad sa kababaihan at kalalakihan at titiyaking pantay silang makikinabang sa yaman at kaunlaran. Higit pa, upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay ang kababaihan at kalalakihan kailangang buwagin ng Estado ang hindi pantay na estruktura at gawi na nagpapanatili ng diskriminasyon at kawalan ng pagkapantay-pantay. Upang maisakatuparan ito, dapat bumuo ang Estado ng mga plano, patakaran, programa, hakbang, at mekanismo na tutugon sa diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kabuhayan, politikal, panlipunan, at kultural na pamumuhay ng kababaihan at kalalakihan.

Nararapat na paigtingin ang pagsulong nito sapagkat marami sa kababaihan ang dumaranas sa lipunan na tila panindang pinagkakaguluhan ang pagdungis ng puri't dangal kasama na ang dignidad at kaluluwa nito. Nakapanghihina ang ganitong kalagayan ng mga babaeng hindi man lang iginalang bilang isang babae o kahit man lang bilang tao. Pansinin ang sipi sa ibaba:

Lagi'y may palengkeng
naglalako sa akin
Kung gaano kaigsi
ang saplot ko sa katawan,
siya namang haba
ng pila sa sinehan.
Kung gaano kanipis
ng tumatakip sa aking dibdib,
siya namang kapal
ng maibebentang
komiks at magasin sa bangketa.
At sabay,

sabay na tumataas
ang pansayaw na di tumatakip sa hita
sa bilang ng mga taong nanonood
sa lingghuhang programa.

Sa tulang *Kasalo* ni Joi Barrios ay tunay na nakaiiyak ang kalagayan ng babae. Hindi nararapat ganitong kawalang halaga ang babae. Pansinin ang sipi sa tula:

Ang babae ay hindi kaning inihahain
sa mesa ng matrimonya,
iniluluwa kapag mainit at takot kang mapaso,
sinasabawan ng kape sa umaga
kapag ikaw ay nagkulang,
at itinapong tutong
sa kaniyang pagtanda.

Ang karapatang nalabag sa persona ng tula ay: *dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, katarungan ang mamamayani at ang anumang krimen o pagmamalabis ay parurusahan*. Nagsumpaan ang mag-asawa sa simbahan na sa hirap at ginhawa sila'y magsasama at magtutulungan ngunit sa tulang ito ay sumama sa kawalan ang mga pangakong iyon ng lalaki. Tunghayan ang tula:

Ang babae ay hindi karneng
dinuduro at kinikilo,
iginigisa ang laman sa iyong mga pangako,
inilalaga ang buto sa iyong pagsuyo,
at ginagawang sitsaron ang balat
upang maging pulutan.

Ang babae ay hindi halayang
panghimagas sa iyong kabusugan,
inumin sa iyong katandaan,
o putaheng nilalaspag tuwing may handaan.

Malala ang paglalarawan ng tula sa babae na hindi dapat umalma ang kababaihan na ang kanilang kapwa'y dinudusta na lamang. Ang lalaking inaapi ang babae'y durugistang isip ay basag, tumitigib sa babae ng lagim at dusa, lunos, gimbal, kirot, sugat, hapdi, himutok, ng kawalang-lakas, at ng takot. Makikita sa ibaba ang ilan pang siping taludtod sa tula:

May tiyan din siyang kumakalam,
may sikmurang kailangang mapunan,
at pusong dapat mahimasmasan.
kasama mo siyang nagtatanim ng maisasaing,
katuwang na naghahanda
ng almusal, tanghalian, at hapunan,
kaharap at kasalo sa kinabukasan.

Hindi man lang naiisip ng lalaki na dalawang tao ang nilikha ng Diyos, ang lalaki at babae. Ngunit sa tula ay tila ibig lamang mamayagpag ay ang lalaki habang ang babae ay kanilang laruan lamang na kung kailangan nila'y gagamitin at kung hindi na'y itatapon sa kung saan.

Ayon sa *International Bill of Human Rights*, Artikulo 2:

> Lahat tayo ay may sariling karapatan at kalayaan sa deklarasyong ito, kung wala tayong rekognasyon sa kung ano tayo nabibilang kagaya ng race, kulay, set, lengguwahe, relihiyon, politikal, o iba pang opinyon, pambansa o sosyal na pinagmulan, pag-aari, lugar kung saan ipinanganak o iba pang estado. Datapwat walang pagkakaiba ang mangyayari base sa politikal dyurisdiksyon o sa lahat ng estado ng ating bansa o teritorya na kung saan tayo nabibilang, kung tayo man ay nabubuhay sa sarili nating mga paa, mapagkatiwalaan, hindi na kailangan pa na turuan sa tama o mali o iba pang mga limitasyon na mga gawaing makapangyarihan sa ating bansa. (*Bill of Human Rights 2000)*

Malaki rin ang kaugnayan nito sa isinasaad sa Artikulo 3:

> Lahat tayo ay may karapatang mabuhay, karapatang maging malaya sa kahit na anong paraan at karapatang mapangalagaan ang buhay ng tao.

Ang karapatang binanggit sa itaas ay hindi kailanman natamasa ng persona sa tula. Dapat sana'y magkasalo ang lalaki at babae sa pagbuo ng masaya at mapayapang kinabukasan, magtulungan para sa ikauunlad ng bawat isa, at magkatuwang sa pagkalinga ng tahanan at ng lipunan. Ngunit ipinapakita rito ang opresyong *radikal* dahil masasalamin ang kapangyarihan ng lalaki. Ayon pa nga kay Joe-Nel Garcia, madalas ipinapakita ng ating lipunan na mahina ang mga babae. Ipinapakita nilang mas malakas pa ang mga lalaki sa kahit anong aspekto ng kanyang pagkata-o—pisikal man iyan o emosyonal. Iyan din ang pinakadepinisyon ng patriarkiya—madalas na ang kalalakihan ang bida, ang tinitingala, ang mas makapangyarihan, at ang tanging nagpapainog sa takbo ng kwento.

Ang tulang *Haranang Walang Buwan* ni Virgilio Almario. Isang hardinero ang nagkukuwento tungkol sa isang babaeng ikinulong sa bahay dahil nabuntis. Lantarang nakita ang pagkakaapi sa babae sapagkat ikinulong siya dahil negatibo ang pagtanggap ng lipunan sa mga dalagang buntis at mapang-

uyam ang pagtingin ng lipunan sa kanya. Inilarawan ang kalayaan ng hardinerong nakabuntis. Sa gayon, nailarawan ang kababawan ng pagtingin ng lipunan sa pananagutan ng lalaki sa sanggol kumpara sa babae. Tunghayan ang tula:

**"HARANANG WALANG BUWAN"**
Ni Virgilio Almario

Tao po, tao po, may bahay na bato.
Itong haranista'y hardinero ninyo.
May subyang ang dibdib, ang mata'y may kalyo.
Dahil 'di masilip ang dalaga ninyo.
Ang dalaga ninyong ayaw paligawan
Minsan ay nagsuka, masakit ang tiyan.
Sa 'sang albularyo agad pinatingnan
Sabi nang masuri, "Ito'y kinukulam!"
Lumipas ang araw, at ito'y maysakit
lumaki ang tiyan na tila ba tiklis
Hilot na sinundo, pagpasok sa silid
Sabi sa nakita, "Dalaga niyo'y buntis!"
Tao po tao po. May bahay na bato.
Buksan ang bintanang santaong sarado.
ang binhing kinitil ng inyong sikreto,
itong haranista ang s'yang hardinero.

Ayaw payagan ng mga magulang ng dalaga ang kanilang anak na magpaligaw sa hardinero. Nagsimula itong magsuka at ikinulong. Ang inakalang dulot ng pangungulam ay pagbubuntis na pala. Sa huli'y ibinunyag ng personang siyang hardinero ang nakabuntis sa babae.

Kitang-kita sa tula ang pagiging kontra-babae nito. Una, ang ginamit ng lalaking manunulat ay isa ring lalaking persona. Inilahad ang kwento kung paano ikinubli ng mga magulang ng dalaga ang "kahihiyang" dulot ng pagkakabuntis dito. Tunghayan ang Batas Republika Blg. 9710:

> Ang Estado, pribadong sektor, ang lipunan sa pangkalahatan, at lahat ng indibidwal ay dapat mag-ambag para kilalanin, igalang, at palaganapin ang mga karapatan ng kababaihan na binibigyan ng kahulugan at katiyakan sa Batas na ito.
>
> SEK. 5. Ang Estado bilang Pangunahing Tagaganap ng tungkulin. – Ang Pamahalaan, bilang pangunahing tagaganap ng tungkulin ay dapat na: (a) Pigilin ang diskriminasyon sa kababaihan at paglabag sa kanilang karapatan; (b) Pangalagaan ang kababaihan laban sa diskriminasyon at paglabag ng mga pribadong korporasyon, entidad, at indibidwal sa kanilang karapatan; at (c) Palaganapin at isakatuparan ang karapatan ng kababaihan sa lahat ng saklaw, kabilang ang karapatan para sa tunay na pagkakapantay-pantay at walang diskriminasyon.

May kalalakihan ang patuloy na ginagawa ang diskriminasyon sa kababaihan at hindi nila ito pinangangalagaan bagkus nilalabag pa ang mga karapatan. Halatang hindi binigyan ng pagkakataon ang dalaga upang makapagsalita. Ang naglahad ng kapalaran ng dalaga ay ang hardinerong una ay lalaki at ikalawa ay lumapastangan sa babae.

Ang babae'y tinitingnan bilang anino ng lalaki. Hindi mabilang ang mga kaso ng karahasan at opresyon dahil hindi napagtatanto ng karamihan ang esensya ng kababaihan.

Kalimitang sinasabi noon na "mag-aaral ka pa eh mag-aasawa ka lang din naman." Kung susuriing mabuti ang salitang "lang" ay may diskriminasyong kalakip na kung saan ay binibigyang limitasyon ang kakayahan ng pinatutungkulan nito.

Walang katarungang pamumuhay ang naranasan ng persona sa tula kung saan nalabag ang karapatang: *dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, katarungan ang mamamayani at ang anumang krimen o pagmamalabis ay parurusahan.* Papaano nagawang itago ng pamilya ang babaeng nabuntis at hindi pinanagot sa lalaking bumuntis dito? Papaanong hindi nagawang magsalita ang babae, at bakit hindi narinig ang kanyang panig kung siya ba ay ginahasa o pinuwersa ng lalaki? Ipinapakita rito ang opresyong supremacist ideology theory, ipinapakita rito ang naging sanhi ng kahihiyan sa mga magulang dahil sa siya ay nabuntis samantalang ang lalaking nakabuntis ay malaya lamang na nakakapagpakita sa ibang tao kahit nakabuntis siya nang hindi pa nakakasal.

*Radikal* ang dahilan ng opresyon dito sapagkat malakas pa rin ang kapangyarihan ng mga magulang ng babaeng nabuntis, naghahari pa rin lalo ang boses ng ama ng tahanan dahil sa iniisip nilang kahihiyan ang ginawa ng anak na siyang dahilan upang hindi palabasin ng bahay at itago upang hindi makita ng mga tao habang lumalaki ang tiyan hanggang sa makapanganak. Gayundin, matapos haranahin ng lalaki ang babae, matapos paibigin at buntisin ay hindi pinanagutan at hinarap ang responsibilidad. Marahil kasama ito sa makapangyarihan niyang plano.

Sa tulang *Ang Maging Babae* ni Elynia Ruth Mabanglo, mapagtatanto ang kawalan ng kalayaang manggalugad at madiskubre ang

sariling kakayahan ng kababaihan sapagkat minamata ng makapangyarihang kalalakihan. Tunghayan ang sipi:

Guwardiya ang bawat ama
ng pagkabirhe't kahihiyan.
Bawat kapatid na lalaki'y espiya,
asawa naman ang kandadong ikinawit sa pinto.

Makikita rito ang kawalan ng tiwala ng lalaki sa babae, ang makipot na mundo ng babae, at kawalan ng layang makilala lalo ang sariling kakayahan. Nararapat lamang kilalanin at igalang ang pantay na karapatan ng tao anuman ang kasarian o iyong tinatawag na *gender sensitivity*. Ayon sa Batas Republika Blg. 9710:

> Dapat magkaroon ng mandatoryong pagsasanay sa karapatang pantao at gender sensitivity ang lahat ng kawani ng pamahalaan na kabilang sa pangangalaga at pagtatanggol sa kababaihan laban sa karahasang batay sa kasarian na alinsunod sa Batas na ito.

Masasalamin sa tula ang kahinaan ng babae't paglabag ng lalaki sa mga karapatan ng babae. Dahil sa kahinaang ito kaya siya madaling natangay sa agos ng sitwasyong naging babaeng mababa ang lipad kung saan ay hinayaan niya nang tuluyan ang ganung sistema.

Binibigyan ngayon dito ng diin na dapat itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan, katarungan ang mamamayani at ang anumang krimen o pagmamalabis ay parurusahan. Masasalamin sa tula ang hindi malusog na pamumuhay ng babae dahil hindi naging malusog ang lipunang ginagalawan niya. Kung sana'y tinututukan ng pamahalaan ang mga ganitong suliranin at maisama nila sa kanilang programa bilang serbisyong panlipunan, wala na sanang babae ang makararanas ng ganito dahil ang karapatan niya bilang babae'y kanyang matatamasa. Masasalamin sa tula ang kawalan ng tiwala sa kakayahan ng babae, ang hindi pantay na pagtingin sa lalaki at sa babae, ang hindi pantay na responsibilidad sa mga gawain, at ang pagkakakulong at pagbabantay sa babae gaya ng isang bilanggo na maaaring mag-udyok sa kanya na ituring na kasumpa-sumpa ang maging babae.

Nakita rito kung anong sanhi ng opresyon ang kinasadlakan ng babae, ito ay ang *supremacist ideology theory*. Ang ganitong uri ng opresyon ang nasalamin sapagkat tunay na macho ang isipan ng lalaki – isipang malakas ang kalupitan at pang-aapi sa nakaraan ma't kasalukuyan. Tunghayan ang sipi mula sa tula:

Kasumpa-sumpa
ang maging babae sa panahong ito:
Depinisyong pamana
ng nakaraa't kasalukuyan.
Anyong hinulma
ng pag-asam at pangangailangan.
Ibukod pa ang basal na kalikasan.
Ang tungkulin at kapaligiran.
Isaalang-alang bilang halimbawa,
ang maiambil sa babasaging kristal.

Inaasahan na ang kababaihang makababasa nito ay matutong magsalita, tumutol, at ipaglaban ang kanilang karapatan. Ang kalalakihan naman ay inaasahang magiging higit na makatwiran at hindi magiging manhid sa kalagayan ng mga babae. Pansinin ang sipi:

Tunay, ang maging babae sa panahong ito'y
magiging kasumpa-sumpa lalo
Kung di babalikwas ang lahat,
matiim na magmumuni'y magsusuri
Kahit masugat-sugatan ang sarili,
upang ang dugong
sa kabahagi lamang dumadaloy,
maglandas din sa isip at guni-guni.

Sadyang napakarami ang inaasahan sa babae na siyang nararapat bigyan ng pagkilala dahil sa hindi matawarang tungkulin nito sa lipunan, lipunang hindi makontento bagkus may nangungutyang mga mata. Narito ang mga taludtod mula sa tula:

Kanin at pamulat
ng hangari't paglingap.
Anong pag-ibig o pagpapakasakit?
Anong paglilingkod o pagtitiis?
Ikaw ang pundiya ng karsonsilyo,
ang kurbata, maging ang burda sa panyo't
kamiseta.
Susukatin ang ganda mo sa kama,
ang talino sa pagkita ng pera.
Kumikita ang beer at sine,
Nagdidildil ka ng pills.

Ang kalalakihan ay hindi dapat nakatitig sa hugis ng katawan ng babae bagkus sa laman ng kalooban. Higit sa rito, taliwas sa pagsusukat lamang ng kakayahan o taas ng kalakasan mas nararapat na magkaroon sila ng pantay na pagtingin sa kakayahan ng mga kababaihan.

Tunay ang opresyon ay nararanasan ng mga

babae sa iba't ibang panig ng mundo. Ang sanhi ng opresyon sa tula ay *radikal*. Ito ay mapapansin sa linyang: "*Guwardiya ang bawat ama ng pagkabirhe't kahihiyan. Bawat kapatid na lalaki'y espiya, asawa naman ang kandadong ikinawit sa pinto*."

Ang huling tulang sinuri'y *Liham ni Pinay Mula Japan* ni Elynia Ruth Mabanglo. Kulang ang programa ng pamahalaan kaya ang persona ng tula ay iniwan ang bansa at hinarap ang buhay sa Japan na kung saan ay hindi naging maganda ang kapalaran. Tunghayan ang pahayag sa ibaba:

Ang totoo, ang totoo, mangungumpisal ako,
Parang isang geisha ang papel ko rito.
Anong inam sana kung totoong geisha,
Maritmo ang paglipad na tulad ng maya.
Ngunit ako'y isang kalapating-syudad,
Umuupo sa bote nang hubo at hubad.
Ate, nagdidildil ako ng luha't tamod
Di naman makapalag, kay bagsik ng tanod.

Dapat ay itaguyod ng makapangyarihan ang mga karapatang pantao, ang kapayapaan at kaayusan ng lipunan; at siguruhing katarungan ang mamamayani ng sa gayo'y anumang krimen o pagmamalabis ay maparurusahan. Ang kahirapan ay nagtutulak sa tao sa isang desisyon na mahirap mang gawin ngunit kinakailangan upang makaligtas sa kinasasadlakan gaya ng inilalarawan ng tulang sinuri na kinakitaan ng kahirapan sa buhay. Masasabing lamang na payapa, maayos at may katarungan sa lipunan kung natutugunan ng pamahalaan ang bawat pangangailangan ng sambayanan. Kung may solusyon sana ang pamahalaan sa mga ganitong sulirani'y nagiging masagana ang pamumuhay ng bawat pamilya sa bansang ito. Ang babae sa tula ay sinuung ang walang pangalan na hirap at umaalpas ang kawalan ng katarungan. Narito ang ilang taludtod:

Sino'ng sisihin sa kapalarang sinapit?
Gamu-gamo akong sa apo'y lumigid.
May mga lalaking sa lamay at ganid,
Kayhahaba ng kukong kung bumaon ay lintik.
At dahil may babaing tahimik magtiis
Lumalaganap ang ganitong krisis.

Nang dahil sa kahirapa'y napadpad ang persona sa ganitong sitwasyon, ang inakalang kaalamang kumanta't sumayaw na gagamitin upang mabuhay ang siyang nagpahamak sa kanya. Tunghayan ang ikalawa at ikalimang saknong na nasa ibaba:

Nag-umpisa ako sa Eat Bulaga,
Kulang pang pantaksi ang premyong nataga.
Tawag ng Tanghala'y sinalihan ko rin
Pala kong lahat ang mga kabitbahay namin.
Naghinawa sa akin ang mga pila at kanto,
Ang kahihiyan ko'y sagad hanggang buto.
Salamat, salamat, may ateng nanalig,
pinamuhunan ang sayaw ko't awit.
Umaga't hapon ako'y nagpraktis.
Nang pumasa agad sa unang kaliskis.
Lalampas ang byuti ko sa lahat ng rotunda
Paglapag na paglapag sa bayan ng Yakuza.

Tinitiis na lamang ng persona ang hirap at pang-aalipustang kinakaharap upang mabuhay kahit pa pinagpipistahan siya ng mga Hapon habang hubo't hubad na nagsasayaw. Ang naging sanhi ng opresyon ay *Supremacist Ideology Theory* kung saan tunay na walang laban ang mga babae dahil sila ay itinuturing ng kalalakihan bilang mga bagay na walang silbi. Kulang ang programang pagbantay sa mga karapatang pangkababaihan kahit pa nasa ibang bansa ito kaya patuloy pa rin ang pang-aabuso sa kanila. Sinabi sa Qur'an, 4:19 na *"Pakitunguhan ninyo (mga lalaki) sila (mga babae) nang mabuti."* Ngunit, sa tula ay hindi ganung nabibigyan ng halaga ang babae at kung nangibang-lupa man siya ay paniguradong marami pang Juana ang nangibang-lupa't inaalipin ng mga banyaga't nilalapastanganan.

Masaklap ang dinanas ng babae rito at ang nakalulungkot ay maaaring may mga iba pang Pilipina ang mas malala pa ang naging kapalaran na hindi man lamang batid ng pamahalaan at kung alam ma'y hinahayaan habang may ilan na nagbubulagbulagan at nagbibingihan dahil sila ang minorya na hindi makalaban sa matibay at matatag na pader ng karamihang nasa pamahalaan.

Ayon kay Emilio Jacinto sa sanaysay niyang *Ang Pag-ibig*: "Sa lahat ng damdamin ng puso ng tao ay wala nang mahal at dakila na gaya ng pag-ibig." Kung pinahahalagahan sana ang babae'y hindi sana magkakaganito ang persona gaya ng iba pang babae ng bansa. Ang pag-ibig ay napakalaking bagay sa lipunang ginagalawan ng lalaki at babae sapagkat ito ang magbubuklod sa kanila sa tawag na magandang samahan, pagkakaunawaan, at magiging magaan ang mga pasanin ng isang lipunan kung ang pumapagitna o sentro sa pamumuhay ng bawat tao ay ang tunay na pag-ibig. Ang mga babae ay hindi mga bagay at hindi dapat tratuhing bagay at kalimita'y gamitin sa ngalan ng opresyon.

Ang sanhi ng opresyon sa tulang sinuri'y

*radikal* sapagkat sa kagustuhan ng persona na mabuhay at umangat ngunit dahil sa walang pinag-aralan, ang alam lang na galing ay sumayaw at umawit, ang pagiging Japayuki ang kanyang kinahantungan. Ngunit, sa bisig ng mga Hapon ay lalong bumaba ang kanyang puri't dangal at hindi na makawala dahil sa tawag ng kabuhayan. Tunghayan ang pahayag sa ibaba:

Sino'ng sisihin sa kapalarang sinapit?
Gamu-gamo akong sa apo'y lumigid.
May mga lalaking sa lamay at ganid,
Kayhahaba ng kukong kung bumaon ay lintik.
At dahil may babaing tahimik magtiis
Lumalaganap ang ganitong krisis.

Kaysaklap ng mga lalaki ngunit nagsasakripisyo't nagtitiis ang babae at nasa puso niya ang kahihiyan pag-uwi kaya ayaw niyang kumalat ang balita sa kanilang lugar. Kumita man siya ng limpak-limpak na salapi ngunit hindi alam kung makababalik pa siya lalo na't marami pa ring isyu sa mga OFW na umuuwing nasa loob na ng kabaong.

# IV. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

**Kongklusyon**

Kahit na may pagpapakita ng mga kakayahan ng mga babae, may mga babae pa ring ipinaparamdam sa kanila ang pagkaapi na ang totoo'y hindi dapat minamaliit dahil lamang sa pisikal na kakayahan. Kasalukuyan pa ring hindi lubusang nawawala ang ganitong mentalidad, ginagawang kasangkapan ng mga lalaki ang kababaihan. Makikita sa lipunan ang pang-aabuso sa kababaihan, nariyan ang mga pornong babasahin at bidyo, mga *prostitute* na ginagawang pangkamot sa kati ng kalalakihan at ang pagkakahon na babae dapat ang kasambahay dahil magaling daw sa bahay at hindi dapat binibigyan ng trabahong kinakailangan ng lakas at iba pa.

Mabisa ang mga akdang pampanitikan sapagkat napalilitaw ang napakaraming pambansang isyu at usapin gaya na lamang ng diskriminasyon sa kababaihan. Ang pang-aaping kinasasadlakan nila sa tula maging sa iba't ibang akdang pampanitikan (kahirapan, pang-aabuso, at paglabag sa karapatang pantao) ay dulot ng iba't ibang pwersang panlipunan na humahamon sa kanilang kahinaan.

Nilalayon ng mga akdang sinuri ng mananaliksik na turuan ang bawat mambabasa higit sa kalalakihan na lampasan ang pananaw na nakakahon sa dayuhang perspektibo. Nais ikintal sa isipan ng mga mambabasa ang pantay na pagtitig, pagtingin at pagmamasid sa kababaihan.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral ay inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng pag-aaral sa mga tulang sinuri gamit ang ibang teoryang pampanitikan;
2. Magkaroon ng pag-aaral sa ibang akdang pampanitikan gamit ang supremacist ideology theory; at
3. Magkaroon ng pag-aaral tungkol sa saloobin ng kababaihan sa diskriminasyong kinakasasadlakan nila sa lipunan.

# PAGKILALA

Ang may-akda ay taus-pusong nagpapasalamat sa mga taong nagbigay ng inspirasyon, tulong, payo, at pang-unawa rito upang maisakatuparan ang kanyang pag-aaral.

Pinapasalamatan ng may-akda ang kanyang pamilya sa kanilang malasakit. Sila ang kanyang inspirasyon upang matapos ang pag-aaral na ito. Pinasasalamatan ang kanilang pagmamahal at walang sawang pagsuporta. Magkakahiwalay man ang bawat isa ngunit ang tahanang nagbubuklod sa kanila ay iisang puso na ang tanging hangad ay ang kabutihan ng bawat isa. Gayundin ang ipinaabot sa kabiyak ng maykatha na tunay at may sensiridad ang pagpapahalaga sa kanya.

Kinikilala rin ang mabait na guro sa Filipino 321 (Natatanging Paksa) na si Dr. Mary Ann S. Sandoval, sa kanyang pang-unawa at patnubay upang lalong mapaganda ang pag-aaral na ito.

Sa mga kaibigan, mga klasmeyt sa sabdyek na ito at mga kakilala sa PhD Filipino ng MSU-IIT na nagbigay ng oras sa may-akda, sa mga pagpapatawa, sa lungkot at saya, at sa hirap at ginhawa.

At higit sa lahat ay sa ALLAH na patuloy na nagbibigay ng kaalaman at lakas upang magtagumpay ang pag-aaral na ito. Maraming-maraming salamat po sa inyong lahat!

# MGA SANGGUNIAN

**Mga Aklat**

Aguilar, Delia. 1998. **The Feminist Challenge**. Manila: Asian Social Institute.
Almario, Virgilio. 2015. **Hiyas ng tulang Tagalog.** Komisyon sa Wikang Filipino. San Miguel, Maynila.
Batas Republika blg. 9710. **Magna Carta ng Kababaihan** 2014. Komisyon sa Wikang Filipino. San Miguel, Maynila.
Bell, James. 1983. **Psychological Anthropological and Sociological Foundation of Education**. Katha Publishing Co., Inc. Quezon City
Chesler, Phylis. 1971. **Women and Madness.** New York: Double Day Publishing.
Freud, Sigmund. 1925. **Historical Background Relevant to Women and Psychology**. New York. Harper Row Publisher.
Galton, Francis. 1907. **The Study of Sex Difference**. New York: Harper & Row Publishers.
Giele, Janet. 1978. **Women and the Future**. New York: The Free Press. A Division of McMillan Publishing Co., Inc.
Jung, Carl. 1925. **Masculinity, Femininity, and Androgyny**. New York: Harper and Row Publishers.
Maranan, Aida. 1987. **Towards A Feminist Consciousness**. Quezon City: Women's Resource & Research Foundation, Inc.
Millet, Kate. 1970. **Sexual Politics**. New York: Ballantine Books, A Division of Random House, Inc.
Reyes, Soledad. 1992. **Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya Para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan**. Anvil Publishing, Inc.
Rubin, Ligaya. 2000. **Paano Tumutula ang Isang Ina.** De La Salle University Press, Inc. Malate, Maynila.
Rubin, Ligaya. 2003. **Paano Nagsusulat ang Isang Ina**. UST Publishing House. Espana St., Manila.
Santiago, Erlinda, et. al. 1989. **Panitikang Filipino**. Navotas, Metro Manila: Navotas Press.
Santiago, Lilia. 1997. **Asintada.** University of the Philippines Press, Quezon City.
Yu, Rosario. 2011. **Alinagnag (Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan)**. University of Santo Tomas Publishing House. España, Manila.

**Publication/Journals**

Leyva, Beth. 1990. **Kasalanan ang Kasarian**. Philippine Collegian. Quezon City: UP Publications.

**Mga Tesis**

Bongaros, Aisa. 2000. **Feminismong Pag-aaral sa mga Piling Kwentong Bayan ng Maranao**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Hashim, Jonaisah. 2006. **Katangian ng mga Babaeng Tauhan sa mga Piling Kwentong Bayang Maranao**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Licud, Jennifer. 2002. **Feminismong Pagsusuri sa Limang Piling Maikling Kwento na Nalathala sa Magasing Liwayway 2007**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Manginsay, Florie. 1992. **Ang Paggamit ng Feministic Approach sa Panunuring Pampanitikan ni Lualhati Bautista sa Nobelang Deka '70**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Mauyag, Fahima. 2005. **Ang Pakikibaka ni Erlinda sa Nobelang Erlinda ng Bataan ni Nieves Baens-del Rosario**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Pangandaman, Junaidah. 2004. **Ang Larawang Babae sa Nobelang Canal dela Reina ni Liwayway Arceo: Feministang Pagsusuri**. MSU, Lungsod ng Marawi.
Santiago, Amelia. 1995. **Ang Babae sa mga Piling Akdang Pampanitikang Pilipino: Isang Feministang Kritisismo**. PNU, Maynila.

**Internet**

http://www.colorado.edu/ENGL2012Klages/gueertheory.html
http://www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/pdf/Jan.4,2015
http://humanrightsinislam.com/ph/islam-rights-spouse-husband.aspx
islam/585964968091536/
http://www2.hawaii.edu/~mabanglo/tagLiham_brunei.htm
http://www2.hawaii.edu/~mabanglo/tagLiham_singapore.htm
explore-islam.com/books/karapatan-ng-kababaiahn-sa-islam/
https://en.wikipedia.org/wiki/Supremacism